**Pagpaplano ng Biyahe Mo**
Pagpasyahan ang iyong punto ng pagsisimula, destinasyon, araw at oras ng pagdating. Pagkatapos ay gamitin ang isa sa sumusunod:

**Tumawag sa 1-800-9-OMNIBUS** (1-800-966-6428)
Tutulungan ka ng serbisyong pangkostumer sa pagpaplano sa biyahe mo.

**Bumisita sa omnitrans.org,** at gamitin ang madaling Trip Planner o i-download ang libreng Omnitrans app. Ilang click ang layo ng mga ruta at mga iskedyul.

**Ang Omnitrans Bus Book** ay isang libreng publikasyon na naglalaman ng kumpletong listahan ng mga ruta, iskedyul, impormasyon sa pamasahe, mga numero ng telepono at ibang mahalagang impormasyon sa mananakay na maku-kuha sa loob ng mga bus.

**Sa Himpilan ng Bus**
Ang mga numero ng ruta ay pinapakita sa itaas na bawat karatula ng himpilan ng bus. Upang malaman kung kailan darating ang susunod na bus, gamitin ang NexTrip, sundin ang mga tagubilin na pinapakita sa karatula ng himpilan ng bus.

Ang mga oras ng pagdating para sa mga bus ng sbX ay pinapakita sa mga digital na karatula sa bawat plataporma ng istasyon.

**Pagsakay at Paghiling ng Paghinto**
Dumating sa himpilan ng bus nang maaga at tumayo sa karatula ng himpilan ng bus.
Pagdating ng bus, tingnan ang numero ng ruta at destinasyon sa itaas ng harapang bintana. Sumakay gamit ang harapang pinto.

sbX: Ang mga pasaherong magbabayad gamit ang salapi ay sasakay gamit ang harapang pinto; ang mga pasahero na gumagamit ng mga aparatong pang-mobility ay sasakay gamit ang gitnang pinto; ang mg siklista ay sasakay gamit ang likurang pinto.

Pakireserba ang mga harapang upuan para sa mga senior at mga taong may kapansanan.

Habang papalapit sa destinasyon mo, ipaalam sa iyong tsuper na nais mong bumaba sa susunot na himpilan ng bus sa pamamagtian ng pagpindot sa gomang strip na malapit sa bintana o sa pindutan sa mga hawakang riles.

**Mga Pamasahe sa Bus**
Pareho ang presyo ng mga pamasahe sa lahat ng mga ruta ng bus ng Ommitrans, kabilang ang OmniGo at sbX. Maaari kang bagbayad para sumakay gamit ang salapi, o gamit ang 1-Araw, 7-Araw o 31-Araw na pases. Sa loob ng bus binebenta ang 1-Araw at 7-Araw na pases. Maaari din bilhin ang mga pases sa outlet ng pases, online gamit ang koreo.

Naghahandog ang Omnitrans ng bawas na mga pamasahe para sa mga senior (62+), mga kwalipikadong taong may mga kapansanan at Medicare, kabataan (18 at mas bata) at mga beterano. Libreng makakasakay ang mga naka-uni

pormeng militar na nasa aktibong duty, pulis o bumbero. Ang mga batang 46” ang tangkad at mas maliit ay libreng makakasakay. Limitado sa 2 bata bawat mananakay na nagbabayad ng pamasahe.

**Mga Kahon ng Pamasahe**
Kapag ang bus ay ganap at kumpletong huminto, maaari kang sumakay. Ang kahon ng pamasahe ay nasa tabi ng tsuper. Pakilagay ang salapi mong pamasahe sa ibabaw ng kahon ng pamasahe. Hindi maaaring magsukli ang mga tsuper kaya mangyaring magkaroon ng eksaktong barya para sa pamasahe mo.

Sa unang pagkakataon na gamitin mo ang iyong pases, ipa-sok ito sa ibabaw ng kahon ng pamasahe upang “paganahin” ito. Pagkatapos, tuwing sasakay ka, dapat mong “i-swipe” ang pases mo sa magnetic reader.

Ang mga bus ng sbX ay may mga kahon ng pamasahe sa bawat pinto.

**Pagsakay Gamit ang Aparatong Pang-mobility**
Ang mga bus ng Omnitrans ay may kasangkapan para magsakay ng mga pasaherong may wheelchair at ibang aparatong pang-mobility. Ginagamit ang lift ramp para sa mga taong may kapansanan na hindi makakahakbang sa bus, mga pasaherong gumagamit ng mga wheelchair, scooter, orthopedic stroller, baston, crutches o mga portable na tangke ng oxygen. Maaari ring “lumuhod” ang mga bus kapag hiniling para sa mas madaling pagsakay.

Ang mga sasakyan ng OmniGo ay may kasangkapang pang-angat na may espasyo para sa tatlong karaniwang-laking wheelchair na ipipirmi.

Ang mga bus ng sbX ay may lebel na pagsakay na may mga bridge plate upang sakupin ang puwang sa pagitan ng plataporma at mga sasakyan. Ang mga sasakyan ng sbX ay naghahandog ng mga posisyong nakaharap sa harapan at likuran para sa mga may aparatong pang-mobility.

**Mga Bisikleta**
Ang mga bus ng Omnitrans ay may bike rack sa harapang bumper na maaaring magkarga ng 2-3 bisikleta. Ipaalam sa tsuper mo kung balak mong magkarga o magbaba ng bisikleta.

Ang mga bus ng sbX ay kayang kumarga ng 4 na bisikleta sa loob ng bus. Mangyaring gamitin ng mga siklista sa likurang pinto.

**Impormasyon**

Telepono.....800-966-6428

May kapansanan sa pagdinig.....California Relay 711

Mga Oras ng Serbisyong Pangkostumer:
Lunes - Biyernes, 7:00 AM - 6:00 PM
Sabado at Linggo, 8:00 AM - 5:00 PM.

www.omnitrans.org